# Seguridad ng motorsiklo

Ang mas maliit na sukat at bigat ng mga motorsiklo ay dahilan upang madali silang damputin at isakay sa isa pang sasakyan, kaya madalas silang target ng pagnanakaw.



**Kung may kasalukuyang krimen na nangyayari, tawagan ang Tripleng Zero (000).**

**Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444 o mag-report online o sa pamamagitan ng Policelink app.**

**Hanapin kami sa**

**www.police.qld.gov.au**

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa **myPolice.qld.gov.au**

- /queenslandpolice
- @qldpolice
- @qldpolice

CC BY Lisensya ng URL: http://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode
Mangyaring magbigay ng atribusyon sa: © Estado ng Queensland (Serbisyo ng Pulisya ng Queensland) 2019

## Ang magagawa mo

May ilang mga simpleng hakbang at gawi na maaari mong isagawa upang mabawasan ang panganib na manakaw ang iyong motorsiklo.

- Dapat dala mo ang iyong mga susi sa lahat ng oras.
- Laging gamitin ang kandadong pang-handlebar/fork ng iyong motorsiklo at laging alisin ang susi sa ignisyon kapag ang iyong motorsiklo ay nakaparada.
- Pag-isipang maglagay ng disck lock na may maingay na alarma (audible alarm) upang hadlangan ang mga magnanakaw.
- Iimbak ang iyong motorsiklo sa secure na lokasyon sa lahat ng oras.
- Maglagay ng takip sa iyong motorsiklo at pag-isipang gumamit ng nakapirming lugar na hindi maaaring ilipat upang ma-secure ang iyong motorsiklo.
- Bagu-baguhin ang iyong mga gawi sa pagparada at iparada ang iyong motorsiklo sa mga lugar na may sapat na liwanag.
- Pag-isipang magkabit ng remote engine immobilizer device na tumutugon sa mga pamantayan ng Australya.
- Pag-isipang magkabit ng GPS tracker sa iyong motorsiklo.

## Tandaan

Ang rate ng pagbawi sa mga ninakaw na motorsiklo ay napakababa at karamihan sa mga kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo ay oportunista o nabigyan lang ng pagkakataon. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga gawi sa pag-iwas sa krimen, mababawasan mo ang panganib na maging biktima ng pagnanakaw ng motorsiklo.

Queensland Government